Republika ng Pilipinas
(Republic of the Philippines)
MINISTRI NG EDUKASYON, KULTURA AT ISPORTS
(MINISTRY OF EDUCATION, CULTURE AND SPORTS)
Maynila

Hulyo 7, 1983

MEMORANDUM PANGMINISTRI
Blg. 144, s. 1983

UNANG PAMBANSANG SEMINAR SA PAGTUTURO NG PILIPINO: KATATAGAN NG WIKANG PAMBANSA SA DALUBHASAAN

Sa: Mga Direktor ng Kawanihan
Mga Direktor ng Rehiyon
Mga Tagapamanihala ng mga Paaralan
Mga Pangulo ng mga Kolehiyo at Paaralang Pampamahalaan
Mga Pinuno ng mga Pribadong Paaralan, Kolehiyo at Unibersidad

1. Ang unang Pambansang Seminar sa Pagtuturo ng Pilipino sa Dalubhasaan, sa pagtataguyod ng De La Salle University at Philippine Women's University, at sa tulong ng Surian ng Wikang Pambansa, ay idaraos sa De La Salle University, William Shaw Theater, Taft Avenue, Manila, sa Agosto 12-13, 1983.

2. Ang paksang diwa ng seminar ay "Pagtuturo sa Pilipino: Katatagan ng Wikang Pambansa sa Dalubhasaan."

3. Pagkatapos ng seminar na ito, inaasahang ang mga dadalo ay:

a. makauunawa at magkakaroon ng kakayahang makapagturo sa Pilipino ng iba't ibang asignatura;

b. magkakaroon ng katatagan at matibay na paninindigan sa kalagayan ng wikang Pilipino sa pagtuturo sa dalubhasaan; at

k. makapagpapalaganap at makapagtataguyod ng wikang Pilipino upang magamit sa pagtuturo ng iba't ibang disiplina sa ikauunlad ng nakararami.

4. Ang dapat dumalo sa seminar na ito ay ang mga propesor sa Pilipino at mga propesor sa iba't ibang asignatura at karunungan na nais gamitin ang wikang Pilipino bilang wikang panturo.

5. Manggagaling sa pondong lokal (ng rehiyon, dibisyon) o sariling gastos ng kinatawan ang halagang ₱200 para sa akomodasyon, snacks, handouts, at iba pa.

6. Inaasahang pakakalatin sa mga kinauukulan ang impormasyong ito tungo sa katuparan ng naturang seminar.

(LGD.) ONOFRE D. CORPUZ
Minister

Sanggunian:
Wala

Pamumudmod: 1-3-4--(D.O. 1-76)

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

COMMUNICATION ARTS
LANGUAGE
SEMINARS
TEACHERS
UNIVERSITIES and COLLEGES